REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG CAVITE
PAMAHALAANG BAYAN NG CARMONA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-8 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA GINANAP SA SILID-PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NOONG IKA-19 NG PEBRERO 2018

MGA DUMALO:

KGG. CESAR L. INES JR.	.....	*Pang. Punongbayan at Tagapangulo*
KGG. CESAR M. LOYOLA	.....	*Konsehal*
KGG. BERNIE A. ORTIZ	.....	*Konsehal*
KGG. ROEL Z. MANARIN	.....	*Konsehal*
KGG. HUBERTO A. HUGO	.....	*Konsehal*
KGG. AMABLE M. LONTOK	.....	*Konsehal*
KGG. MAXIMO A. ACBAY	.....	*Konsehal*
KGG. FERMIN M. LEVARDO	.....	*Pangulo, Liga ng mga Barangay*

UMALO: WALA

KAUTUSAN BLG. 03-2018

"USOG SA SEKSYON 4 AT 5 NG KAUTUSAN BILANG 001-02 O KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALINTUNTUNIN PARA AREGULISA ANG OPERASYON NG MGA VIDEO AT/O COMPUTER AMES AT IBA PANG KAURI NITO SA BAYAN NG CARMONA, CAVITE"

Mga nag-isponsor: Kgg. Bernie A. Ortiz at Kgg. Cesar M. Loyola

SAPAGKAT, alinsunod sa itinatadhana ng ***Seksiyon 16 ng R.A. 7160*** o ***digo ng Lokal na Pamahalaan ng*** **1991,** ang bawat yunit ng nahalaang Lokal ay gagamit ng mga kapangyarihang maliwanag na nagkaloob, yaong mga kailangang ipinahihiwatig buhat doon, at gayundin mga kapangyarihang kinakailangan, angkop, o kaugnay para sa mahusay mabisang pamamahala at yaong mga kailangang-kailangan para sa tataguyod ng pangkalahatang kabutihan;

SAPAGKAT, maraming reklamo ang idinulog sa mga tanggapan ng ngguniang Bayan at Punong Barangay at maging sa opisyal na *social media ount* ng Pamahalaang Bayan at humihiling na maregulisa ang operasyon ng a *video/computer shops* at mga katulad nito na nagpapalaro nang may upa ng saan marami sa mga kabataang mag-aaral ang nahuhumaling sa usong libangan na *online* at *network games* gaya ng Dota, Special Force), Crossfire, Counter Strike Extreme, Mission Against Terror (MAT), Lineage 2), Battle of Immortals, at iba pang mga larong elektronikong gaya nito;

SAPAGKAT, alinsunod sa Kautusan Blg. 86, s. 2010 ng Kagawaran ng ukasyon, ipinagbabawal sa mga mag-aaral ng pampubliko at pampribadong aalan sa elementarya at sekondarya na magtungo o pumasok sa mga nputer shops, *malls*, sinehan, at mga gaya nito habang may klase;

SAPAGKAT, layunin ng Pamahalaan na pangalagaan ang kapakanan ng mga kabataan at matiyak na magkakaroon sila ng mainam at sapat na edukasyon tungo sa kanilang pag-unlad sa pamamagitan ng paglalayo sa kanila sa masasamang impluwensiya gaya ng mga ipinagbabawal na gamot, mga inuming nakalalasing, sugal, mga malalaswang babasahin o palabas at iba pang mga libangan na may masamang epekto sa kanilang kaisipan, kaugalian, pag-aaral at kinabukasan gaya ng pagkahumaling sa mga *video/computer games;*

SAPAGKAT, minarapat ng Kapulungang ito na muling susugan ang Kautusan Blg. 001-02, na sinusugan ng mga Kautusan Blg. 004-02 at 002-05, upang mas paigtingin pa ang pagreregulisa sa mga *computer shops* at mga katulad na establisimyento gayundin ang pagpapataw nang mas mabigat na parusa sa sinumang lalabag o lumabag dito;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTIBAY TULAD NG DITO'Y PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA:

SEKSYON 1. Ang Seksyon 4 at 5 ng Kautusan Bilang 001-02 o "*Kautusang Nagtatakda ng mga Alintuntunin Para Maregulisa ang Operasyon ng mga Video at/o Computer Games at Iba Pang Kauri Nito sa Bayan ng Carmona, Cavite*", ay sinususugan upang maging gaya ng mga sumusunod:

"**SEKSYON 4. MGA PAMAMARAAN**

a. Ang mga *computer shops* ay maaari lamang tumanggap ng mga kabataang may edad na 13 hanggang 16 na taong gulang o sinumang nasa sekondarya o ikalawang antas ng pag-aaral simula ika-4:00 ng hapon hanggang ika-8:30 ng gabi. Samantala, ang oras na itinatakda para sa mga batang nasa elementarya ay simula ika-5:00 ng hapon hanggang ika-8:30 ng gabi.

b. Hindi sakop ng Kautusang ito ang mga kabataan na may pahintulot mula sa mga kinauukulang paaralan o kung ang dahilan ng paggamit ng *computer* ay may kaugnayan sa mga takdang aralin ng mag-aaral.

c. Pinapayagan lamang ang mga mag-aaral na may edad na 16 taon pababa sa oras na itinatakda sa titik *a*, gayundin tuwing araw ng Sabado at Linggo at mga araw na opisyal *(official holidays)* at itinakdang walang pasok."

"**SEKSYON 5. KAPARUSAHAN.** – Ang sinumang may-ari ng nasabing *computer shop,* natural o huridikal, na mahuling lumabag o lumalabag sa Kautusang ito ay papatawan ng kaukulang parusa gaya ng mga sumusunod:

MAXIMO A. ACBAY
DR. DAHLIA A. LOYOLA
AMABLE M. LONTOK
CESAR L. INES JR.
HUBERTO V. HUGO
MARIVIC M. PAKINGAN
ROEL Z. MANARIN
FERMIN M. LEVARDO
BERNIE A. ORTIZ
REBECCA L. REYES
CESAR M. LOYOLA
ALBERTO H. OCAMPO

MAXIMO A. ACBAY
DR. DAHLIA A. LOYOLA
AMABLE M. LONTOK
CESAR L. INES JR.
HUBERTO A. HUGO
MARIVIC M. PAKINGAN
ROEL Z. MANARIN
FERMIN M. LEVARDO
BERNIE A. ORTIZ
REBECCA L. REYES
CESAR M. LOYOLA
ALBERTO H. OCAMPO

Unang Paglabag: ***Pagbabayad ng hindi bababa sa Halagang ₱1,500.00 at 30 araw na suspensiyon ng operasyon.***

Ikalawang Paglabag: ***Pagbabayad ng hindi bababa sa halagang ₱2,500.00 at pagbawi o pagkansela ng business permit.***"

SEKSYON 2. **SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** – Ang anumang katadhanaan na naitakda sa mga umiiral na kapangyarihan at/o kautusan o kapasiyahan na taliwas sa alinmang itinatakda ng Kautusang ito ay ipinalalagay na walang bisa.

SEKSYON 3. **SUGNAY NA NAGPAPANATILI NG BISA.** – Kung sa anumang dahilan o mga kadahilanan, alinmang bahagi o probisyon ng Kautusang ito ay mapatutunayang taliwas o salungat sa Saligang Batas at iba pang mga batas na umiiral ay ipinawawalang saysay subali't ang ibang bahagi o probisyon na hindi apektakdo ng deklarasyon ay mananatiling may bisa at iiral.

SEKSYON 4. **SUGNAY NG PAGPAPATIBAY.** – Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos ang sampung (10) araw buhat sa araw ng pagkakalathala sa lokal na pahayagan o ng pagkakapaskil ng sipi ng Kautusang ito sa mga lantad na lugar sa buong bayan ng Carmona para sa kabatiran ng lahat ng mga kinauukulan lalo't higit ang mga nasasakupang paaralan at mga nabanggit na establisimyento.

* * * * * * * * * * * * * *

PINATUTUNAYAN:

MARIVIC M. PAKINGAN
Kalihim

PINATOTOTOHANAN:

KGG. CESAR L. INES JR.
Pang. Punongbayan at Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG CAVITE
PAMAHALAANG BAYAN NG CARMONA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN

KGG. CESAR M. LOYOLA

KGG. BERNIE A. ORTIZ

KGG. ROEL Z. MANARIN

KGG. HUBERTO A. HUGO

KGG. AMABLE M. LONTOK

KGG. MAXIMO A. ACBAY

KGG. ALBERTO H. OCAMPO

KGG. REBECCA L. REYES

KGG. FERMIN M. LEVARDO
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

PINAGTIBAY:

KGG. DAHLIA A. LOYOLA
Punongbayan

MAR 0 2 2018
Araw na pinagtibay